

Pangalan ng Pasyente _____
ID Number ng Pasyente _____
Doktor: _____

Department of Health and Human Services
Centers for Medicare & Medicaid Services
OMB Approval No. 0938-0692

MAHALAGANG MENSAHE MULA SA MEDICARE TUNGKOL SA INYONG MGA KARAPATAN

- * Tumanggap ng mga sakop na serbisyo ng Medicare. Kabilang dito ang kinakailangang medikal na mga serbisyo sa ospital at mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo pagkatapos ninyong lumabas ng ospital, kung iniutos ng inyong doktor. Mayroon kayong karapatan na malaman ang tungkol sa mga serbisyong ito, sino ang magbabayad para sa mga ito, at saan ninyo makukuha ang mga ito.
- Maging bahagi ng anumang mga pasya tungkol sa pananatili ninyo sa ospital, at alamin kung sino ang magbabayad para dito.
- I-ulat ang anumang alalahanin mayroon kayo tungkol sa kalidad ng pangangalaga na inyong natatanggap sa Quality Improvement Organization (QIO) na nakalista rito:

Mountain Pacific Quality Health Foundation

Pangalan ng QIO

1-800-497-8232

Numero ng telepono ng QIO

ANG MGA KARAPATAN NINYO SA MEDICARE PAGLABAS SA OSPITAL:

Pagpapalano Para sa Inyong Paglabas sa Ospital. Habang nasa ospital kayo, ang kawani ng ospital ang makikipagtulungan sa inyo upang maihanda kayo sa inyong ligtas na paglabas sa ospital at ayusin din ang mga serbisyong maaari ninyong kailanganin pagkatapos na lumabas ng ospital. Kapag hindi na ninyo kailangan ng inpatient na pangangalaga sa ospital, ipagbibigay-alam sa inyo ng inyong doktor o kawani ng ospital ang nakaplanong petsa ng inyong paglabas sa ospital.

Kung sa palagay ninyo ay pinapalabas kayo nang masyadong maaga:

- Maaari ninyong kausapin ang kawani ng ospital, ang doktor ninyo at ang inyong plano sa pamamahala sa pangangalaga (kung mayroon kayo) tungkol sa inyong mga alalahanin.
- Mayroon kayong karapatan na mag-apela, ang pagrepaso ng inyong kaso sa pamamagitan ng Quality Improvement Organization (QIO). Ang QIO ay isang panlabas na tagarepasong inupahan ng Medicare upang tingnan ang inyong kaso at pagpasyahan kung handa na kayong lumabas sa ospital.

Kung nais ninyong mag-apela, dapat kayong makipag-ugnay sa QIO bago ang planong petsa ng paglabas at bago kayo umalis sa ospital.

Kung gagawin ninyo ito, hindi ninyo kailangang magbayad para sa mga serbisyo na tinanggap ninyo habang may apela (maliban sa mga singil gaya ng mga copay at nababawas).

- Kung hindi kayo umapela, ngunit nagpasya na manatili sa ospital na lumampas na sa planong petsa ng paglabas, maaaring kailangan ninyong bayaran ang anumang serbisyong natanggap ninyo pagkatapos ng petsa.
- **Nasa pahina 2 ang mga sunud-sunod na tagubilin para sa pagtawag sa QIO at paghain ng apela .**

Upang makipag-usap sa sinuman sa ospital tungkol sa abisong ito, tumawag kay **Bonnie Neff, Nurse Manager**
486-3281 ext 2410

Mangyaring lagdaan at lagyan ng petsa dito upang ipakitang natanggap ninyo ang abisong ito at nauunawaan ang inyong mga karapatan.

Lagda ng Pasyente o Kinatawan

Petsa

MGA HAKBANG PARA IAPELA ANG PAGPAPALABAS SA IYO

- **HAKBANG 1:** Dapat kang makipag-ugnayan sa QIO nang hindi lalagpas sa plano mong petsa ng paglabas at bago ka umalis sa ospital. Kapag ginawa mo ito, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyong natanggap mo sa panahon ng pag-apela (maliban sa mga singil katulad ng mga copay at mababawas).

- Narito ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa QIO:

Mountain Pacific Quality Health Foundation

Pangalan ng QIO

1-800-497-8232

Numero ng Telepono ng QIO

- Maaari kang maghain ng hiling para sa apela anumang araw ng linggo. **Kapag may nakausap kang tao o nag-iwan ka ng mensahe, nagsimula na ang apela mo.**
 - Magtanong sa ospital kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa QIO.
 - Ang pangalan ng ospital na ito ay:
 - **PROVIDENCE KODIAK ISLAND MEDICAL CENTER**
-

- **HAKBANG 2:** Makakatanggap ka ng detalyadong abiso mula sa ospital o sa iyong Medicare Advantage o ibang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medicare (kung bahagi ka ng isa) na nagpapaliwanag ng mga dahilan kung bakit sa palagay nila ay handa ka nang mapalabas.
- **HAKBANG 3:** Hihingin ng QIO ang opinyon mo. Ikaw o ang iyong kinatawan ay kailangang makausap ng QIO kung hiniling. Ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magbigay ng nakasulat na pahayag sa QIO pero hindi mo ito kailangang gawin.
- **HAKBANG 4:** Susuriin ng QIO ang iyong mga medikal na tala at ibang mahalagang impormasyon ukol sa kaso mo.
- **HAKBANG 5:** Aabisuhan ka ng QIO tungkol sa pasya nito sa loob ng 1 araw pagkatapos nitong matanggap ang lahat ng kailangang impormasyon.
 - * Kung mapag-alaman ng QIO na hindi ka pa handang mapalabas, patuloy na sasagutin ng Medicare ang mga serbisyo mo sa pagpapaospital.
 - * Kung mapag-alaman ng QIO na handa ka nang mapalabas, patuloy na sasagutin ng Medicare ang mga serbisyo mo hanggang Tanghali ng araw pagkatapos kang abisuhan ng QIO tungkol sa pasya nito.

KUNG MAPALAMPAS MO ANG HULING ARAW NG PAG-APELA, MAYROON KANG IBANG MGA KARAPATAN SA PAG-APELA:

- Maaari ka pa ring humiling sa QIO o sa iyong plano (kung bahagi ka ng isa) ng pagsusuri sa kaso mo.
 - * Kung mayroon kang Orihinal na Medicare: Tumawag sa QIO na nakalista sa itaas.
 - * Kung bahagi ka ng Medicare Advantage Plan o ibang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medicare: Tawagan ang plano mo.
- Kung mananatili ka sa ospital, maaari kang singilin ng ospital para sa anumang mga serbisyong natanggap mo pagkalipas ng plano mong petsa ng paglabas.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ayon sa Paperwork Reduction Act ng 1995, walang mga taong inaatasang tumugon sa pangongolekta ng impormasyon maliban kung nagpapakita itp ng may bisang OMB control Number. Ang may bisang OMB control number para sa pangongolektang ito ng impormasyon ay 0939-0692. Ang kailangang oras para kumpletuhin ang pangongolektang ito ng impormasyon ay tinatayang 15 minuto kada tugon sa average, kasama ang oras para suriin ang mga tagubilin, maghanap sa mga umiiral nang mapagkukunan ng data, kunin ang kailangang data, at kumpletuhin at suriin ang pangongolekta ng impormasyon. Kung mayroon kang mga komento kaugnay ng katumpakan ng (mga) tantyang oras, o mga mungkahi sa pagpapabuti ng form na ito, mangyaring sumulat sa: CMS, 7500 Security Boulevard. Attn: PRA reports Clearance Officer, Mail Stop CA-26-05, Baltimore, Maryland 21244-1850.
